For more information, please call/text us at: 0920-911-1398 or visit:
www.philrice.gov.ph | www.pinoyrkb.com | www.openacademy.ph

Pagpapatubo ng punla sa pamamagitan ng basang punlaan (*Wetbed Method*)

1. Maghanda ng 400 m^2 punlaan. Ito ay maaaring:
   10 kama na 2 metro x 20 metro bawat isa
   20 kama na 1 metro x 20 metro bawat isa
   40 kama na 2 metro x 5 metro bawat isa

2. Maglaan ng 40 sentimetro na agwat sa pagitan ng mga kamang punlaan para sa mas madaling pamamahala nito.

3. Itaas ng 4-5 sentimetro ang kamang punlaan.

4. Maglagay ng 5 bag ng organikong pataba.

5. Patagin ang ibabaw ng kamang punlaan para sa pantay-pantay na daloy ng tubig at upang mapadali ang pag-agos nito.

6. Para sa isang ektaryang bukirin, magpunla ng 20-40 kilo sa 400 metro kwadrado na kamang punlaan.

7. Magpunla ng mga buto sa daming 50-100 gramo/metro kwadrado (mga isang dakot).
   Diligin ang kamang punlaan 2-3 araw pagkatapos magpunla. Unti-unting patubigan ng mga 1-2 sentimetro, depende sa taas ng punla.

8. Regular na bantayan ang kamang punlaan para sa maayos na pamamahala.

PHILRICE
Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested. | © 2010 PhilRice